Sistema ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Sekundaryang Paaralan 2023/2025
(Para sa Admisyon sa Sekondarya 1 sa Setyembre 2025)
Mga Madalas na Katanungan

Mekanismo ng Central Allocation

(1) T Ano ang pamantayan para sa Sentral na Alokasyon (CA)?

S Ang CA ay nakabatay sa isang band ng alokasyon ng mag-aaral, pagpili ng magulang ng mga paaralan at random na numero. Para sa mga pamamaraan ng alokasyon ng CA, ang mga magulang ay maaaring sumangguni sa "Mga Paalala para sa mga Magulang para sa Sentral na Alokasyon" na ipinamahagi ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) sa unang mga araw ng Abril 2025.

(2) T Ano ang pamamaraan ng alokasyon para sa CA?

S Ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A ay pinoproseso muna. Pagkatapos lamang na maproseso ang mga pagpili ng paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A ay saka lamang sisimulang iproseso ng kompyuter ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B.

Kapag pinoproseso ang "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi A, ang kompyuter ay maglalaan muna ng mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral sa Territory Band 1 ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa mga pagpili ng paaalan. Matapos ang pagsusuri ng mga pagpili ng paaalan ng lahat ng mga mag-aaral na ito, susundan ng kompyuter ang parehong pamamaraan upang maproseso ang mga pagpili ng paaalan ng mga mag-aaral sa Territory Band 2 at sa wakas ay mga mag-aaral na iyon sa Territory Band 3. Ang mga mag-aaral na matagumpay sa pagkakaroon ng isang lugar sa Bahagi A ay hindi mailalaan ng isang lugar sa Bahagi B. Kung ang isang mag-aaral ay hindi inilalaan ng isang lugar ng paaralan sa Bahagi A matapos na maubos ang lahat ng kanyang mga pagpili sa paaralan, siya ay ipaglalaan ng isang lugar sa Bahagi B.

Kapag pinoproseso ang "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" sa Bahagi B, ilalaan muna ng kompyuter ang mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral sa Net Band 1 ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan sa mga pagpili ng paaalan. Kung ang isang mag-aaral sa Net Band 1 ay hindi maaaring ipaglaan ng isang lugar ng paaralan kahit na matapos ang lahat ng kanyang mga pagpipilian sa paaralan, ang kompyuter ay maglalaan ng isang lugar sa kanya mula sa natitirang mga lugar sa net ng paaralan.[1] Hangang sa lahat ng mga mag-aaral sa Net Band 1 ay natapos na mapaglaanan ng mga lugar ng paaralan, susundan ng kompyuter ang parehong pamamaraan upang maproseso ang mga pagpipilian ng mga mag-aaral sa Net Band 2 at sa wakas ay ang mga mag-aaral na iyon sa Net Band 3.

Kung pinili ng mga magulang ang isang pang-sekondaryang paaralan na sa bandang huli ay ay hindi mag-aalok ng Sekondarya 1(S1) na mga lugar sa ilalim ng Sistema ng

[1] Hindi kasama ang mga paaralang nasa ilalim ng Direct Subsidy Scheme at mga paaralang may tala na "Ang mga mag-aaral ay hindi maailalaan sa paaralang ito maliban kung isinama nila ito sa kanilang mga pagpipilian."

Alokasyon para ng Mga Lugar ng Paaralang Pang-sekondarya (SSPA) sa siklo ng alokasyong ito, ang pagpili ng paaralan na iyon ay hindi ipoproseso[2].

(3) T Para saan ginagamit ang random na numero?

S Ang random na numero ay nilikha sa pamamagitan ng kompyuter bago pinatatakbo ang programa ng sentral na alokasyon. Ito ay ginagamit upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng alokasyon ng mga mag-aaral sa loob ng parehong band ng alokasyon. Kung ang pangangailangan para sa mga lugar ng paaralan ng isang tiyak na paaralang pang-sekondarya ay lumampas sa suplay, ang mag-aaral na nagmamay-ari ng isang mas mababang random na numero sa loob ng parehong band ng alokasyon ay paglalaanan muna ng isang lugar. Ang random na numero ay walang koneksyon sa "Reperensiyang Numero ng Mag-aaral" o sa personal na datos ng mag-aaral. Sa panahon ng proseso ng alokasyon, ang bawat mag-aaral ay bibigyan ng isang random na numero lamang. Ang random na numero ay hindi pananatilihin matapos makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.

[2] Sa panahon ng pamamaraan ng alokasyon, aalisin ng kompyuter ang kaugnay na (mga) pagpili sa paaralan at isusulong ang kasunod na mga pagpili ng paaralan (kung mayroon man) sa Form ng Sekondarya Una na Pagpili ng Paaralan (Choice Form).

Pamamaraan sa Paggawa ng Pagpili sa Sentral na Alokasyon

(4) T Kailan matatanggap ng mga magulang ang mga dokumento sa pagpili para sa CA?

S Ang mga magulang ng mga kalahok na mag-aaral ng Primarya 6 (P6) ng kasalukuyang siklo ay matatanggap ang Form ng Sekondaryang Una na Pagpili ng Paaralan (Choice Form) at ang kaugnay na mga dokumento sa pagpipili sa pamamagitan ng mga paaralang primarya ng kanilang mga anak sa unang mga araw ng Abril 2025. Ang mga magulang ay dapat ibalik ang nakumpletong Choice Form sa EDB sa pamamagitan ng mga paaralang primarya na pinapasukan ng kanilang mga anak sa unang mga araw ng Mayo 2025. Para sa mga magulang na nakarehistro bilang mga user ng SSPA e-Platform at nakaugnay ang kanilang account sa "iAM Smart +"[3], maliban sa papel na Choice Form, maaari nilang isumite ang CA na aplikasyon sa dinadaluhang primaryang paaralan sa pamamagitan ng SSPA e-Platform. Hindi dapat magsumite ng dobleng aplikasyon ang mga magulang sa pamamagitan ng SSPA e-Platform at papel na paraan para sa parehong bata.

(5) T Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag pinupunan ang Choice Form?

S Dapat isaalang-alang ng mga magulang ang lahat ng mga aspeto ng isang paaralan, hal. ang pilosopiyang pang-edukasyon, tradisyon, relihiyon, istruktura ng klase, pag-unlad at pagpapatakbo nito, at ang mga katangian, pagkatao, kakayahan, at interes upang makagawa ng isang angkop na pagpili ng paaralan.

Ang Choice Form ay nahahati sa Bahagi A at Bahagi B. Para sa Bahagi A na "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ang mga magulang ay maaaring pumili ng hindi hihigit sa tatlong mga paaaralang pang-sekondarya mula sa anumang mga net ng paaralan kabilang ang mga paaralan sa sariling school net ng kanilang mga anak. Para sa Bahagi B na "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan", ang mga magulang ay dapat punan ang mga paaralan mula sa school net kung saan kabilang ang kanilang mga anak ayon sa pagkakasunod-sunod ng kanilang kagustuhan at punan ang 30 mga pagpipilian hangga't maaari. Kung ang mga paaralang pang-sekondarya na kanilang binanggit sa Bahagi A ay matatagpuan din sa net ng paaralan ng kanilang mga anak, maaari nilang isama ang mga paaralang ito sa Bahagi B. Gayunman, ang mga magulang ay hindi dapat gumawa ng paulit-ulit na mga pagpili ng parehong paaralan sa parehong bahagi dahil hindi nito madadagdagan ang pagkakataon ng kanilang mga anak na mailalaan sa paaralan.

Ang mga magulang, kapag pinupunan ang Bahagi A ng Choice Form, ay dapat sumangguni sa "Handbook para sa Mga Walang Restriksyon sa Pagpipilian sa Paaralan" (Handbook) na ipinamahagi sa mga paaralang primarya sa unang mga araw ng Abril 2025. Para sa mga magulang na nakarehistro bilang user sa SSPA e-Platform, maaarin din nilang tingnan ang online na bersyon ng Handbook sa SSPA e-Platform. Bukod dito, ang mga magulang ay maaari ding bisitahin ang Homepage ng EDB (www.edb.gov.hk) (Piliin ang: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System) upang i-download ang mga listahan o tawagan ang 24 oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono ng EDB sa 2891 0088 (Pindutin

[3] Para sa mga detalye ng pagpaparehistro ng "iAM Smart+", mangyaring bisitahin ang tematikong website ng "iAM Smart" (https://www.iamsmart.gov.hk/en) (Piliin: Home > "iAM Smart" Registration > Registration Methods).

ang 2 (English) > 5 (Fax Services) > 04 (Secondary School Places Allocation System: School Lists)) para makuha ang mga listahan sa pamamagitan ng fax. Kapag pinunan ng mga magulang ang Bahagi B ng Choice Form, dapat silang sumangguni sa “Mga Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ng net ng paaralan na kinabibilangan ng kanilang mga anak. Kasama sa Choice Forms, ang “Mga Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ay ipamamahagi sa mga magulang sa unang mga araw ng Abril 2025 bilang reperensiya.

(6) T Kailangan bang kumpletuhin ng mga magulang ang Choice Form sa yugto ng CA kung ang kanilang mga anak ay nakatanggap ng mga abiso mula sa mga paaralang pang-sekondarya na nakikilahok sa Sistema ng SSPA (nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya) bilang matagumpay na mga aplikante sa mga discretionary places (DP)?

S Kung ang mga mag-aaral ay nag-aplay o hindi para sa isang DP ng isang nakikilahok na paaralang pang-sekondarya (kabilang ang Jockey Club Ti-I College), dapat nilang ibalik ang nakumpletong Choice Form sa EDB sa pamamagitan ng mga paaralang primarya o ng SSPA e-Platform sa unang mga araw ng Mayo 2025. Ito ay upang matiyak na kung sakali na hindi sila naging matagumpay sa kanilang aplikasyon sa mga paaralang ito, sila ay mapaglalaanan pa rin ng isang S1 na lugar sa CA.

Kung ang mga magulang ay naabisuhan ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya sa pagsasama ng kanilang mga anak sa Matagumpay na mga Listahan para sa mga Discretionary Places o ang kanilang mga anak ay tinanggap ng Jockey Club Ti-I College, kailangan lang nilang markahan ang kaugnay na item, burahin ang mga bahagi sa mga pagpili ng paaralan, at pumirma sa papel na Choice Form pagkatapos na punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang ipakita na hindi nila kailangang ng mga pagpili ng paaralan. Para sa mga magulang na nagsusumite ng Choice Form sa pamamagitan ng SSPA e-Platform, kailangan nilang punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ilalim ng pahina para sa “Mag-aplay para sa Sentral na Alokasyon”, pagkatapos ay piliin ang “Hindi kailangang gumawa ng mga pagpili ng paaralan sa Form ng Sekondaryang Una na Pagpili ng Paaralan” upang laktawan ang mga bahagi sa mga pagpili ng paaralan sa Bahagi A at Bahagi B, at lumagda nang pa-digital gamit ang “iAM Smart+”, kasama ang pagkumpirma at pagsumite ng Choice Form.

Kung ang mga magulang ay hindi gumagawa ng anumang mga pagpili ng paaralan at hindi ipinakita ang kanilang intensiyon na hindi nakikilahok sa CA sa Choice Form, at ang mga mag-aaral ay hindi napaglaanan ng isang lugar ng paaraalan sa yugto ng DP yugto, at hindi tinanggap ng Jockey Club Ti-I College/Direct Subsidy Scheme na mga paaralang pang-sekondarya na hindi nakikilahok sa Sistema ng SSPA (NDSS secondary schools), ang mga mag-aaral ay paglalaanan ng mga lugar ng paaralan ayon sa itinatag na mekanismo ng alokasyon.

Mga Band ng Alokasyon

(7) T Paano natutukoy ang mga band ng alokasyon? Para saan ginagamit ang mga ito?

S Nakukuha ng mga mag-aaral ang kanilang mga band ng alokasyon ayon sa kanilang mga resulta ng sinukat na panloob na pagtatasa (IA). Ang mga resulta ng IA ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng Primarya 5, at pareho sa kalagitnaan ng taon at sa pagtatapos ng P6 ay gagawing standardized, at sinukat ng katamtaman ng ginawang halimbawa na mga resulta ng Pre-Secondary One Hong Kong Attainment Test (Pre-S1 HKAT) noong 2018 at 2024 ng paaralan. Para sa mga paaralan na walang ginawang halimbawa na mga resulta ng Pre-S1 HKAT noong 2018 o 2024 (hal. isang bagong nakikilahok na paaralan), ang average ng ginawang halimbawa na mga resulta ng lahat ng nakikilahok na mga paaralang primarya sa parehong net ng paaralan sa pagsusulit sa partikular na taong iyon ay gagamitin para sa pagsukat.

Para sa alokasyon ng mga lugar ng paaralan sa Bahagi A "Walang Restriksyong Pagpili sa Paaralan" ng CA, ang sinukat na mga marka ng lahat ng mga mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay batay sa isang pagkakasunud-sunod ayon sa merito. Pagkatapos, ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong mga Territory Band, ang bawat isa ay binubuo ng isang-katlo ng kabuuang bilang ng mga primaryang mag-aaral sa teritoryo. Patungkol sa alokasyon ng mga lugar ng paaralan sa Bahagi B "May Restriksyong Pagpili sa Paaralan" ng CA, ang sinukat na mga marka ng lahat ng mga mag-aaral sa loob ng parehong net ng paaralan ay ilalagay sa isang pagkakasunud-sunod batay sa merito. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong mga Net Band, ang bawat isa ay binubuo ng isang-katlo ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng primarya sa school net.

Habang ang Territory Band ay ginagamit upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng alokasyon ng mag-aaral para sa mga walang limitasyong mga lugar sa paaralan sa Bahagi A ng CA, ang Net Band ay para sa alokasyon ng limitadong mga lugar ng paaralan sa Bahagi B ng CA. Ang band ng alokasyon ay hindi isang ganap na pamantayan para sa pagtatasa ng P6 na akademikong pagganap ng mga mag-aaral, at ang band ng alokasyon ng indibidwal na mga mag-aaral ay hindi mananatili pagkatapos makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.

(8) T Kung ang isang mag-aaral ay inaprubahan para sa cross-net na alokasyon, paano matutukoy ang kanyang Net Band sa bagong school net? May pagbabago ba sa kanyang Territory Band?

S Para sa mag-aaral na inaprubahan para sa cross-net na alokasyon, ang nasukat na mga marka na kanyang nakuha sa paaralan sa kanyang orihinal na school net ay ikukumpara sa nasukat na mga marka ng mga mag-aaral sa bagong school net upang matukoy ang Net Band na kanyang kinabibilangan. Sa madaling salita, ang Net Band ng mag-aaral sa bagong school net ay maaaring iba mula sa kanyang orihinal na school net. Para naman sa Territory Band ng mag-aaral, hindi ito babaguhin dahil sa pag-apruba ng cross-net na alokasyon.

Ang School Net

(9) T Ano ang School Net? Paano nilalagyan ng hangganan ang mga pang-sekondaryang school net?

S Alinsunod sa mga dadministratibong pandistritong hangganan, ang buong teritoryo ay nahahati sa 18 na pang- sekondaryang school net para sa alokasyon ng mga lugar ng paaralan dahil ang CA sa Bahagi B ay ginagawa sa pamamagitan ng school net. Ang bawat school net ay binubuo ng lahat ng nakikilahok na primarya at pang-sekondaryang mga paaralan na matatagpuan sa distrito at ang isang bilang ng iba't ibang uri ng paaralang pang-sekondarya sa ibang mga distrito na nagbibigay ng mga lugar ng paaralan para sa net. Ang mga paaralang pang-sekondarya at mga lugar ng paaralan mula sa ibang mga distrito ay maaaring maiba taun-taon. Ayon sa umiiral na patakaran, maliban sa sa mga mag-aaral na aprubado ang aplikasyon para sa cross-net na mga alokasyon, sa prinsipyo, ang pang-sekondaryang school net na kinabibilangan ng isang mag-aaral ay natutukoy ng pisikal na lokasyon ng paaralang primarya na pinapasukan ng mag-aaral, hindi ang distrito kung saan nakatira ang mag-aaral.

(10) T Paano inaayos ang mga school net?

S Ang pagbibigay ng ng nga lugar ng paaralang pang-sekondarya sa pampublikong sektor ay planado sa batay sa kaubuuan ng teritoryo. Upang masiguro ang sapat na suplay ng mga lugar ng paaralan upang matugunan ang pangangailanagan at para mabigyan ang mga mag-aaral ng higit pang mga pagpilian ng paaralan sa mga distrito na may mas maliit na bilang ng mga lugar ng paaralan, ang pagtitipon ng mga lugar ng paaralan mula sa kalapit na mga lugar ay isang matagal nang itinatag na kaayusan na maaaring ring tugunan ang mga alalahanin at pangangailangan ng iba't ibang mga may interes. Kapag gumagawa ng mga kasunduan sa pagtitipon, isinasaalang-alang ng EDB ang iba't-ibang mga kadahilanan, tulad ng pangangailangan at suplay ng mga lugar ng paaralan sa iba't ibang mga distrito, lokasyon ng mga paaralan at ang iniuugnay na mga pasilidad ng transportasyon maging ang itinatag na netting pattern, para masiguro ang sapat na suplay ng mga lugar ng paaralan sa bawat distrito at mabigyan ang mga magulang ng higit pang mga pagpili. Kami, pagkatapos ng konsultasyon sa Komite sa Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralang Pang-sekondarya, ay bubuo ng mga kasunduan sa pagtitipon ng isang pagkakasunod para sa isang partikular na taon pagkatapos ng nararapat na konsiderasyon ng mga pananaw ng mga stakeholder tungkol sa mga kasunduan sa ilalim ng Sistema ng SSPA.

Ang bilang ng mga paaralang pang-sekondarya at mga lugar ng paaralan na binigay mula sa iba pang mga distrito ay maaaring maiba kada taon ayon sa pangangailangan at sitwasyon ng suplay. Ang mga magulang ay dapat sumagguni sa "Mga Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya" na ipinamahagi bawat taon ng EDB para sa mga pagkakaayos ng pag-net para sa kaugnay na siklo.

(11) T Maa-update ba ang bilang ng hindi nagamit na mga lugar ng paaralan pagkatapos ng yugto ng DP, na ipinakita sa kaugnay na mga dokumento ng CA na magsisimula sa Abril 2025 upang mapadali ang pagpili ng mga paaralan ng mga magulang sa yugto ng CA?

S Sa yugto ng DP, may ilang mga mag-aaral na maaaring makatanggap ng mga abiso ng kanilang matagumpay na aplikasyon sa DP mula sa dalawang nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya at sa bandang huli sila ay ilalaan sa mga paaralan na kanilang unang pinili ayon sa umiiral na mekanismo ng SSPA, na mauuwi kung saan ang isang lugar ng paaralan ay hindi okupado. Bukod diyan, ang ilang matagumpay na mga aplikante ay maaaring talikuran ang nakalaan na DP sa kanila at tanggapin ang mga lugar na inaalok ng NDSS secondary schools. Ang mga lugar na nakalaan sa matagumpay na mga aplikante ng DP ay gagawing available. Sa ilalim ng umiiral na mekanismo ng SSPA, ang ilang mga mag-aaral ay maaaring mailaan sa mga hindi nagagamit na DP na ito sa kapasidad bilang reserbang mga aplikante at ang nalalabing mga lugar ay gagamitin para sa CA. Ang kaugnay na mga dokumento ng CA ay kailangang malimbag sa Marso 2025 para sa pamamahagi sa mga magulang para sa kanilang pagsangguni sa Abril 2025. Samakatuwid, hindi magagawang baguhin upang ma-update ang bilang ng mga kaugnay na lugar ng paaralan na dahil sa mahigpit na iskedyul.

(12) T Ano ang cross-net na alokasyon?

S Ang alokasyon ng mga lugar ng paaralan para sa Bahagi B ng CA ay ginagawa ng school net at ng school net kung saan kabilang ang mag-aaral na samakatuwid ay ang school net ng paaralang primarya na kanyang pinapasukan. Kung mayroong tunay na pangangailangan para sa isang mag-aaral, na may espesyal na mga dahilan, upang mag-iba ng school net, ang mga magulang ay maaaring magsumite ng isang aplikasyon para sa cross-net na alokasyon kasama ang nauugnay na patunay na mga dokumento sa EDB sa pamamagitan ng paaralang primarya na pinapasukan ng kanilang anak bago ang huling mga araw ng Pebrero 2025. Ang paaralang primarya ay ipapasa ang lahat ng beripikadong mga kopya ng mga dokumento ng aplikasyon sa EDB para sa karagdagang pagpoproseso. Kung ang mga magulang ay nagparehistro bilang mga user ng SSPA e-Platform at inugnay ang kanilang account gamit ang “iAM Smart +”, maliban sa papel na form ng aplikasyon, maaari silang magsumite ng aplikasyon para sa cross-net na alokasyon sa pamamagitan ng SSPA e-Platform. Hindi dapat magsumite ng dobleng aplikasyon ang mga magulang sa pamamagitan ng SSPA e-Platform at papel na paraan para sa parehong bata. Kung ang mag-aaral ay aprubado para sa cross-net na alokasyon sa school net kung saan nakabilang ang kanyang adres ng tirahan sa Hong Kong (hal., isang tahanan kung saan naninirahan ang aplikanteng mag-aaral at bumubuo ng kanyang tangi o pangunahing tahanan), siya ay lalahok sa Bahagi B ng CA sa bagong school net.

(13) T Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag nagdedeklara ng adres ng tirahan ng mag-aaral na nag-aaplay at nagbibigay ng kaugnay na pagpapatunay na mga dokumento kung nais nilang mag-aplay para sa cross-net na alokasyon?

S Dapat tandaan ng mga magulang na ang adres na tirahan ng nag-aaplay na mag-aaral ay dapat na kanyang tangi o pangunahing adres na tirahan sa Hong Kong, isang tirahan na lugar kung saan nakatira ang aplikanteng mag-aaral at siyang bumubo ng kanyang tangi o pangunahing tahanan. Kabilang sa natatanggap na mga dokumento na patunay na adres ng tirahan ng Hong Kong ay ang may tatak na kasunduan sa pag-upa, demand note para sa mga rate at/o upa ng pamahalaan, kasunduan sa pag-upa o kard ng renta ng nangungupahan na inisyu ng mga awtoridad sa pampublikong pabahay, singil sa pangtahanang telepono/bill sa pantahanang broadband, at ang mga singil mula sa iba`t ibang mga kompanya sa serbisyong pampubliko, tulad ng Towngas, Limitadong Kumpanya ng Hong Kong Electric Company Ltd., Kagawaran ng Suplay ng Tubig , atbp. Ang iba pang mga dokumento tulad ng mga pahayag ng bangko at mga singil ng mobile na telepono, court summons at tax demand notes ay hindi tatanggapin. Bukod dito, ang pangalan at adres ng magulang (angnagbabayad) ay dapat nakalimbag sa dokumento ng patunay ng adres na tirahan sa Hong Kong.

(14) T Kung ang mga mag-aaral ay nag-aplay para sa DP sa isa o dalawang paaralang pang-sekondarya bago sila nag-aplay para sa cross-net na alokasyon, at nakansela ang kanilang (mga) aplikasyon sa DP dahil sa kanilang cross-net na aplikasyon, kailangan bang punan ng kanilang mga magulang ang Choice Form sa yugto ng CA?

S Sa ilalim ng umiiral na mekanismo ng SSPA, maaaring kanselahin ng mga mag-aaral ang isa o pareho sa kanilang mga aplikasyon sa DP kung kailangan nilang mag-aplay para sa cross-net na alokasyon. Kung kinansela nila ang isa o pareho sa kanilang mga aplikasyon sa DP dahil sa kanilang cross-net na aplikasyon, kahit na sila ay inabisuhan bilang matagumpay na mga aplikante sa ilalim ng mga pagsasaayos ng abiso, ang may kinalaman sa DP ay awtomatikong makakansela. Kung ang lahat ng inalok na DP ng nakikilahok na mga paaralang pang-sekondarya ay nakansela dahil sa cross-net na aplikasyon, ang mga kaugnay na magulang ay dapat na punan ang Choice Form upang ang kanilang mga anak ay maaaring makilahok sa CA. Kung ang mga magulang na may kinalaman ay gumawa ng anumang mga pagpili ng paraalan sa Choice Form at ang mag-aaral na may kinalaman ay hindi inalok ng lugar ng paaralan ng anumang NDSS secondary schools, ang mga kaugnay na mag-aaral ay paglalaanan ng lugar sa paaralan ayon sa itinatag na mekanismo ng alokasyon.

Seksyon ng Alokasyon ng mga Lugar ng Paaralan
Kawanihan ng Edukasyon
Setyembre 2024